

# **Ang pagtataas ng buwanang suweldo ng mga migranteng manggagawa ng pamilya at ang subsidiya sa suweldo ng mga dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay na kinuha ng mga tagapag-empleyo - mga tanong at sagot**

8.10. 2022

## **I. Pagtataas ng buwanang suweldo ng mga migranteng manggagawa ng pamilya**

### **Tanong 1: Bakit itataas ang buwanang suweldo ng mga migranteng manggagawa ng pamilya?**

**Sagot:** Ang buwanang suweldo ng mga migranteng manggagawa ng pamilya ay na-adjust sa (NTD, pareho sa ibaba) NT17,000 mula noong Setyembre 2015, at hindi na ito na-adjust sa loob ng 7 taon, isang agwat na NT8,250 mula sa pangunahing suweldo na NT25,250 ng kasalukuyang mga industriyal na migranteng manggagawa. Upang mapanatili ang maayos na ugnayan ng manggagawa at ng tagapag-empleyo, patatagin ang pinagmumulan ng mga migranteng manggagawa at mapadali ang pangkalahatang pamamahala ng mga migrante manggagawa, habang isinasaalang-alang ang pang-ekonomiyang pasanin ng mga tagapag-empleyo at isang makatwirang istraktura ng suweldo para sa mga migranteng manggagawa, ang buwanang suweldo ng mga migranteng manggagawa ng pamilya ay itinaas sa NT20,000, na magbibigay-daan sa mga migranteng manggagawa ng pamilya na makapagtrabaho sa Taiwan at gawin normal ang pag-verify ng nauugnay na dokumento, pagpapagaan sa kakulangan ng mga dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay, magbibigay din ng mga hakbang sa pagsuporta sa subsidiya sa suweldo para sa mga mahihirap na pamilya at ordinaryong pamilya na gumagamit ng mga dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay, upang bigyan ng konsiderasyon ang parehong mga tagapag-empleyo at empleyado.

**Tanong 2: Ang buwanang suweldo ng mga migranteng manggagawa ng pamilya ay itinaas mula NT17,000 hanggang NT20,000 bawat buwan, bakit tumaas ng 17% ang pagitan ng pagsasaayos sa isang beses?**

**Sagot:** Ang mga migranteng manggagawa ng pamilya ay nakatira din sa Taiwan na may parehong antas ng presyo, ang kasalukuyang NT17,000 ay na-adjust sa NT20,000, at ang pagsasaayos ng suweldo ay NT3,000 na 17% na pagtaas; kung ikukumpara sa sahod ng mga industriyal na migranteng manggagawa sa parehong panahon, mula noong 2015 na NT20,008 bawat buwan ay itinaas hanggang NT25,250 noong 2022, ang pagtaas ng suweldo na NT5,242 ay 26% na medyo makatwiran.

**Tanong 3: Ang panahon ng pagpapatupad ng pagsasaayos ng suweldo para sa mga migranteng manggagawa ng pamilya at sino ang naaangkop?**

**Sagot:**

1. Kasama sa mga migranteng manggagawa ng pamilya ay ang mga dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay at dayuhang kasambahay na dalawang uri ng tauhan.
2. Ang mga bagong rekrut na pumasok bilang migranteng manggagawa ng pamilya simula Agosto 10, 2022, ang buwanang suweldo ay itinaas mula NT17,000 hanggang NT20,000.
3. Ang mga migranteng manggagawa ng pamilya na nagpatuloy ng trabaho sa Taiwan matapos ang termino o lumipat sa pagtatapos ng pagtatrabaho, ang petsa ng pagsisimula ng trabaho ay mula Agosto 10, 2022, ang buwanang suweldo ay itinaas sa NT20,000 pareho sa mga papasok na mga migranteng manggagawa.
4. Ang mga migranteng manggagawa ng pamilya na nasa loob pa ng panahon ng bisa ng kontrata sa paggawa ay dapat bayaran ayon sa suweldong napagkasunduan sa orihinal na kontrata, subalit, kung ang tagapag-employo ay pumayag na i-adjust

ang suweldo nang maaga, maaari ding baguhin ang kontrata sa paggawa sa bagong sistema ng suweldo.

**Tanong 4: Pagpapatuloy mula sa itaas, kailangan bang pumirma ng nakasulat na kontrata sa paggawa sa tagapag-empleyo para sa mga migranteng manggagawa ng pamilya na nagpatuloy ng trabaho matapos ang termino o lumipat sa pagtatapos ng pagtatrabaho? Ang kontrata sa paggawa na pinirmahan ng migranteng manggagawa ng pamilya at ng tagapag-empleyo ay kailangan bang ma-verify ng bansang pinagmulan? Kailangan ba ng paghahambing ng wikang Tsino at banyaga? Sino ang magtatago ng kontrata sa paggawa pagkatapos pumirma?**

**Sagot:**

1. Tama. Ayon sa mga regulasyon, ang mga tagapag-empleyo ay dapat pumirma ng nakasulat na kontrata sa paggawa kasama ang migranteng manggagawa ng pamilya, ay dapat nasa wikang Tsino at isang pagsasalin sa wika ng sariling bansa ng migranteng manggagawa.
2. Ang tagapag-empleyo at ang migranteng manggagawa ng pamilya ay dapat humawak ng isang kopya bawat isa ang nilagdaang kontrata sa paggawa, at ang tagapag-empleyo ay may obligasyon na maghanda at magtago para sa inspeksyon ng lokal na pamahalaan.
3. Ang mga tagapag-empleyo na kumukuha ng mga migranteng manggagawa ng pamilya na nagpatuloy ng trabaho sa Taiwan pagkatapos ng termino o lumipat sa pagtatapos ng pagtatrabaho ay napapailalim sa mga regulasyon ng mga tanggapan ng Taiwan ng bansang pinagmulan kapag pinangangasiwaan ang pag-verify ng kontrata sa paggawa.

**Tanong 5: Kung ang migranteng manggagawa ng pamilya na nagtatrabaho sa Taiwan at ang kontrata sa pagtatrabaho ay hindi pa natatapos at humihingi ng dagdag sa sahod, dapat bang sumang-ayon ang tagapag-**

**empleyo? Kung hindi sumang-ayon, kailangan pang magtrabaho ang migranteng manggagawa ayon sa orihinal na kontrata?**

**Sagot:**

1. Ang mga migranteng manggagawa ng pamilya na ang kontrata sa pagtatrabaho ay nasa panahon pa ng bisa, ang suweldong napagkasunduan sa orihinal na kontrata ay dapat panatilihin.
2. Ang buwanang suweldo ng migranteng manggagawa ng pamilya ay napagkasunduan ng tagapag-empleyo at ng empleyado, at nakatakda sa kontrata sa paggawa, kung ang kontrata sa pagtatrabaho ng migranteng manggagawa ng pamilya ay hindi pa natatapos at humihiling ng dagdag sa suweldo, kailangan ng pahintulot ng tagapag-empleyo. Kung may hindi pagkakaunawaan sa pagitan ng tagapag-empleyo at ng empleyado sa pagbabayad ng buwanang sahod, maaaring makipag-ugnayan sa lokal na pamahalaan para sa koordinasyon ng pagtatalo sa paggawa.

**Tanong 6: Ang kontrata sa pagtatrabaho sa Taiwan ng migranteng manggagawa ay hindi pa nag-expire, kung magpapalit ng tagapag-empleyo, maa-aplay ba itong pagbabago sa suweldo?**

**Sagot:**

1. Ayon sa Artikulo 53 Aytem 4 ng Batas sa serbisyo sa pagtatrabaho, ang mga migranteng manggagawa ay hindi maaaring magpalit ng tagapag-empleyo o trabaho, ngunit kung ito ay umaayon sa mga probisyon ng Artikulo 59 Aytem 1 ng Batas sa serbisyo sa pagtatrabaho at matapos maaprubahan ng Ministri, ay maaaring magpalit ng tagapag-empleyo o trabaho.
2. Kung ang mga probisyon ng Artikulo 59 ng batas na ito ay natugunan at pagkatapos na maaprubahan ng Ministri ang pagpapalit ng tagapag-empleyo, ang bagong tagapag-empleyo ay dapat magsagawa ng may buwanang suweldo na NT20,000.

**Tanong 7: Ang tanggapan sa Taiwan ng bansang pinagmulan na humahawak sa pag-verify ng kontrata sa paggawa, kailan ang pagpapatunay ng suweldo pagkatapos ng pagtaas ng suweldo?**

**Sagot:** Inabisuhan na ng Ministri ang mga tanggapan sa Taiwan ng mga bansang pinagmulan na ang mga bagong rekrut na migranteng manggagawa ng pamilya, mga nagpatuloy ng trabaho sa Taiwan matapos ang termino o lumipat sa pagtatapos ng pagtatrabaho na migranteng manggagawa ng pamilya, mula noong Agosto 10, 2022, ang tagapag-empleyo na nag-aaplay para sa pagpapatunay ng kontrata sa paggawa ng mga nabanggit na tauhan ay may buwanang suweldo na NT20,000.

**Tanong 8: Kailan ilalathala at magkakabisa ang binagong pahayag ng suweldo? Pagkatapos nito magkabisa, maaari bang gamitin ang pahayag ng suweldo na-verify na ng institusyon ng bansang pinagmulan bilang kinakailangang dokumento sa pagproseso ng aplikasyon para sa entry visa sa ating embahada sa ibang bansa?**

**Sagot:**

1. Ang bagong bersyon ng pahayag ng suweldo ay magkakabisa mula Agosto 10, 2022, at ang mga institusyon ng mga bansang pinagmulan ay magsasagawa ng beripikasyon ayon sa binagong bersyon.
2. Pumunta sa mga institusyon ng bansang pinagmulan ng mga migranteng manggagawa ng pamilya, at sundin ang mga kinakailangan para sa beripikasyon ng pahayag ng suweldo, pagkatapos makumpleto ang beripikasyon ng pahayag ng suweldo, maaari pa ring tumanggap ng aplikasyon ng visa ang embahada sa ibang bansa.
3. Bukod dito, bago ang Agosto 10, 2022, ang unang bersyon ng pahayag ng suweldo bago ang rebisyon na-verify na ng institusyon ng bansang pinagmulan, ang ating embahada sa ibang bansa ay maaari ding tumanggap ng aplikasyon ng visa.

**Tanong 9: Bukod sa pagtataas ng buwanang suweldo ng mga migranteng**

**manggagawa ng pamilya, Ibabatay din ba ang pagtaas ng suweldo sa seniority ng mga migranteng manggagawa?**

**Sagot:**

1. Upang mahikayat ang mga migranteng manggagawa na nagtatrabaho sa "parehong tagapag-empleyo" at patatagin ang ugnayan ng tagapag-empleyo at ng empleyado, bilang karagdagan sa pagtaas ng buwanang suweldo ng mga migranteng manggagawa ng pamilya sa NT20,000, kung nagtrabaho ang migranteng manggagawa sa "parehong tagapag-empleyo " sa loob ng 3 taon, pagkatapos ay nagpatuloy ng trabaho, inirerekomenda sa mga tagapag-empleyo na tulungan ang mga migranteng manggagawa ng pagtaas ng suweldo ng NT1,000/buwan; kung magtrabaho ang migranteng manggagawa sa "parehong tagapag-empleyo " sa loob ng 6 taon, pagkatapos ay nagpatuloy ng trabaho, inirerekomenda na muling itaas ang suweldo ng NT1,000/buwan .
2. Halimbawa: Kung ang petsa ng pag-expire ng trabaho ng migranteng manggagawa ng pamilya sa Taiwan ay Agosto 9, 2022, muling nagkasundo ang tagapag-empleyo at ang migranteng manggagawa sa isang bagong kontrata sa paggawa, simula Agosto 10, 2022, ang buwanang suweldo ay NT20,000, nagpatuloy ng trabaho sa parehong tagapag-empleyo sa loob ng 3 taon, inirerekomenda na itaas ang buwanang suweldo ng NT1,000 mula Agosto 10, 2025, ang buwanang suweldo ay na-adjust sa NT21,000; nagpatuloy ng trabaho sa parehong tagapag-empleyo sa loob ng 6 na taon, inirerekomenda na mula Agosto 11, 2028, ang buwanang suweldo ay itaas ng NT1,000, ang buwanang suweldo ay na-adjust sa NT22,000.

**Tanong 10: Kung sumang-ayon ang tagapag-empleyo at ng migranteng manggagawa ng pamilya bago ang Agosto 10, 2022 sa halagang lampas sa NT20,000 bilang napagkasunduang buwanang suweldo, maaari bang direktang bawasan ang buwanang suweldo ng migranteng manggagawa sa NT20,000 mula sa petsa ng pagsasaayos ng suweldo?**

**Sagot:** Hindi pwede. Ang mga migranteng manggagawa ng pamilya nagtrabaho na sa Taiwan at natapos na ang pagpirma ng kontrata sa paggawa, kung ang magkabilang panig ng tagapag-empleyo at ng empleyado ay gustong baguhin ang halaga ng buwanang suweldo, dapat muling magkasundo ang magkabilang panig, at hindi ito dapat maging higit na hindi kanais-nais para sa mga migranteng manggagawa kaysa sa mga kundisyon sa na-verify na "pahayag ng suweldo".

**Tanong 11: Mula sa petsa ng pagsasaayos ng suweldo, ang tagapag-empleyo at ang migranteng manggagawa ng pamilya ay nagkasundo sa buwanang suweldo na NT20,000, kasama ba dito ang bayad sa overtime ng hindi nakapag-bakasyon, mga bonus, o mga bayad sa serbisyo ng ahensya na binayaran para sa mga migranteng manggagawa?**

**Sagot:** Hindi kasama. Ang NT20,000 ay tumutukoy sa buwanang napagkasunduang suweldo ng kontrata sa paggawa na isang palagiang suweldo, hindi kasama ang bayad sa overtime at iba pang hindi umuulit na suweldo (tulad ng tatlong pagdiriwang na bonus, bonus sa pagtatapos ng taon), atbp., at hindi kasama ang singil sa serbisyo ng ahensyang na binabayaran ng tagapag-empleyo para sa mga migranteng manggagawa.

**Tanong 12: Mula sa petsa ng pagsasaayos ng suweldo, ang tagapag-empleyo ay hindi nagbabayad ng buwanang suweldo gaya ng itinakda sa kontrata sa paggawa, mayroon bang anumang kaugnay na mga parusa?**

**Sagot:** Kung hindi nagbabayad ang tagapag-empleyo ng buwanang suweldo alinsunod sa kontrata sa paggawa, nilabag nito ang Artikulo 57 Talata 9 ng Batas sa serbisyo sa pagtatrabaho at mga regulasyon sa Artikulo 66 Aytem 2 ng pahintulot ng tagapag-empleyo na kumuha ng mga dayuhan at mga panukala sa pamamahala, maaaring pagmultahin ng NT60,000 hanggang NT300,000 at babawiin ang permiso sa pagtatrabaho ng tagapag-empleyo.

**Tanong 13: Mula sa petsa ng pagsasaayos ng suweldo, tataas ba ang bayarin sa segurong pangkalusugan at gastos sa seguro sa aksidente sa trabaho na sagot ng tagapag-empleyo o migranteng manggagawa ng pamilya?**

**Sagot:** Hindi. Dahil ang buwanang suweldo pagkatapos ng pagtaas ay hindi lalampas sa premium ng kasalukuyang pambansang seguro sa kalusugan na antas 1 (NT25,250) at ang seguro sa aksidente sa trabaho ng nakasegurong suweldo sa antas 1, ang mga gastos sa segurong pangkalusugan at mga gastos sa seguro sa aksidente sa trabaho ng mga tagapag-empleyo o migranteng manggagawa ng pamilya ay hindi tataas.

**Tanong 14: Mula sa petsa ng pagsasaayos ng suweldo, paano kalkulahin ang bayad sa overtime sa hindi nagamit na bakasyon ng mga migranteng manggagawa ng pamilya na mayroong hindi bababa sa 1 araw na pahinga sa bawat 7 araw, at ang bayad para sa hindi pa nagamit na espesyal na bakasyon ?**

**Sagot:** Kung ang napagkasunduang buwanang suweldo ay NT20,000, ang pang-araw-araw na sahod ay NT20,000 na hinati sa 30 araw = NT667/araw, samakatuwid, ang bayad sa overtime ng hindi nagamit na bakasyon at ang sahod sa hindi pa nagamit na espesyal na bakasyon, ang 1 araw ay kinakalkula sa NT667, kung ang napagkasunduang buwanang suweldo ay NT21,000, ang 1 araw ay kinakalkula sa NT700.

**Tanong 15: Simula sa petsa ng pagsasaayos ng suweldo, tinanggap ng ahensya ng tagapamagitan ang paghirang ng tagapag-empleyo na kumuha ng mga migranteng manggagawa ng pamilya, ang pamantayan sa bayad ng pagpaparehistro at bayad sa pagpapakilala ay pareho bang aayusin?**

**Sagot:** Tama, ngunit ayon sa Artikulo 3 ng mga aytem sa pagsingil at halaga ng bayad ng serbisyo sa pribadong pagtatrabaho, sinisingil ng ahensya ng tagapamagitan ang tagapag-empleyo ang bayad sa pagpaparehistro at sa pagpapakilala na hindi lalampas sa unang buwang suweldo ng dayuhan. Ang mga migranteng manggagawa ng pamilya na ang kontrata sa pagtatrabaho ay nasa loob pa ng



panahon ng bisa, kung ang tagapag-empleyo ay sumang-ayon na bayaran ang suweldo nang maaga sa na-adjust na suweldo, dahil kasangkot lamang nito ang kasunduan sa pagitan ng tagapag-empleyo at ng empleyado na baguhin ang napagkasunduang halaga ng suweldo sa kontrata sa paggawa, at hindi nagbibigay ng mga serbisyo tulad ng pagpaparehistro at pagpapakilala ng mga ahensyang tagapamagitan, hindi na kailangan magbabayad ng bayarin sa pagpaparehistro at bayarin sa pagpapakilala.

## **II. Subsidiya sa suweldo para sa mga tagapag-empleyo na kumukuha ng mga dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay**

### **1. Mga Kwalipikasyon ng aplikasyon**

**Tanong 1: Sino at ano ang kondisyon ng pagiging kwalipikado ng subsidiya sa suweldo?**

**Sagot:**

Ang napagkasunduan buwanang suweldo (hindi kasama ang suweldo sa pagdalo sa pista opisyal at iba pang mga halagang hindi binayaran bilang suweldo o binayaran sa ngalan ng iba) para sa pagkuha ng mga dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay ay higit sa New Taiwan Dollars (kapareho sa ibaba) NT20,000, at ang tumutugon sa mga sumusunod na kondisyon ay maaaring mag-aplay ng subsidiya sa suweldo?

(1) Mula sa Agosto 10, 2022 hanggang Agosto 9, 2025 ay humahawak ng may bisa na permiso sa pagtatrabaho na inisyu ng Ministri, at ang tagapag-empleyo o ang tumatanggap ng pangangalaga ay mayroong isa sa mga sumusunod na kwalipikasyon sa panahon ng pag-aplay ng subsidiya sa suweldo:

1. Mga kabahayan na mababa ang kita o mga kabahayan na mababa at katamtaman ang kita na nakakatugon sa mga probisyon ng Batas sa tulong panlipunan.
2. Ang mga taong may kapansanan na tumatanggap ng mga allowance sa pamumuhay alinsunod sa Batas sa proteksyon ng mga karapatan at interes.
3. Ang tumatanggap ng mababa at katamtaman kita na allowance sa pamumuhay alinsunod sa Batas sa kapakanan ng matatanda.

(2) Mula sa Agosto 10, 2022 hanggang Disyembre 31, 2022, ay humahawak ng may bisa na permiso sa pagtatrabaho na inisyu ng Ministry, at ang tagapag-empleyo o ang tumatanggap ng pangangalaga ay hindi nakakatugon sa mga kwalipikasyon ng mga aytem sa naunang talata.

**Tanong 2: Bago ang Agosto 10, 2022, ang suweldo ng dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay ay umabot na sa NT20,000, at nagtatrabaho pa rin sa kasalukuyan, maaari bang mag-aplay ng subsidiya sa suweldo?**

**Sagot:** Maaari, hangga't ang tagapag-empleyo at ang kinuha na dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay ay mayroon pa ring buwanang suweldo na higit sa NT20,000 mula Agosto 10, 2022, at may bisa pa rin ang permiso sa pagtatrabaho, maaaring mag-aplay ng subsidiya sa suweldo sa loob ng itinakdang panahon.

**Tanong 3: Maaari bang mag-aplay para sa subsidiya sa suweldo ang isang tagapag-empleyo na may handbook sa kapansanan?**

**Sagot:** Maaari, hangga't na-adjust ng tagapag-empleyo ang napagkasunduang suweldo ng dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay ng higit sa NT20,000 mula Agosto 10, 2022, ay maaaring mag-aplay para sa subsidiya sa suweldo. Gayunpaman, ang mga tagapag-empleyo o ang mga taong tumatanggap ng pangangalaga na mayroon lamang handbook sa kapansanan, at hindi nakakatugon sa mga kwalipikasyon kinakailangan ng Batas sa tulong panlipunan para sa mga kabahayan na mababa ang kita o mga kabahayan na mababa at katamtaman ang kita, ang mga tumatanggap ng mga allowance sa pamumuhay alinsunod sa Batas sa proteksyon ng mga karapatan at Interes ng mga taong may kapansanan, o mga tumatanggap ng mababa at katamtamang kita na allowance sa pamumuhay alinsunod sa Batas sa kapakanan ng matatanda, ay maaari lamang mag-aplay ng subsidiya sa suweldo alinsunod sa regulasyon ng pangkalahatang tagapag-empleyo.

**Tanong 4: Kung ang tagapag-empleyo ay hindi ang aktwal na nagbabayad ng**

**suweldo, maaari bang gawin ang aplikasyon ng nagbabayad ng suweldo?**

**Sagot:** Ang target ng subsidiya sa suweldo ay ang mga tagapag-empleyo na binigyan ng permiso sa pagtatrabaho ng Ministri na ito, at hindi ang mga nagbabayad ng aktwal na sahod, kaya naman ang mga tagapag-empleyo lang ang maaaring mag-aplay.

**2. Panahon at paraan ng aplikasyon**

**Tanong 1: Ano ang takdang panahon para mag-aplay ang mga tagapag-empleyo ng subsidiya sa suweldo?**

**Sagot:**

Ang mga tagapag-empleyo na kwalipikadong mag-aplay para sa subsidiya sa suweldo ay dapat, mula sa petsa kung kailan ang mga pangunahing punto ng subsidiya sa suweldo ay inilabas (Agosto 10, 2022), magsumite ng aplikasyon sa Ahensya sa pagpapaunlad ng lakas-paggawa, Ministri ng paggawa (mula rito ay tinutukoy bilang ang Ahensya ng pagpapaunlad) sa loob ng sumusunod na takdang panahon:

- (1) Ang mga tagapag-empleyo o taong tumatanggap ng pangangalaga ay kabahayan na mababa ang kita o kabahayan na mababa at katamtaman ang kita na itinakda ng Batas sa tulong panlipunan, ang mga taong may kapansanan na tumatanggap ng mga allowance sa pamumuhay alinsunod sa Batas sa proteksyon ng mga karapatan at interes, o mga tumatanggap ng mababa at katamtamang kita na allowance sa pamumuhay alinsunod sa Batas sa kapakanan ng matatanda (mula rito ay tinutukoy bilang tagapag-empleyo na mahina sa ekonomiya): Ang aplikasyon para sa subsidiya sa suweldo ay dapat gawin sa Ahensya ng pagpapaunlad sa panahon ng permiso sa pagtatrabaho mula Agosto 10, 2022 hanggang Agosto 9, 2025, ngunit, kung ang panahon ng permiso sa pagtatrabaho ay lumampas sa Agosto 9, 2025, ang aplikasyon ay dapat isumite nang hindi lalampas sa Agosto 11, 2025, kung hindi, ay mawawalan ng kwalipikasyon sa pagkuha ng tulong.

- (2) Ang mga pangkalahatang tagapag-employo na hindi kwalipikado sa kapakanang panlipunan: dapat mag-aplay ng subsidiya sa suweldo sa Ahensya ng pagpapaunlad sa loob ng panahon ng permiso sa pagtatrabaho mula Agosto 10, 2022 hanggang Disyembre 31, 2022, ngunit kung ang panahon ng permiso sa pagtatrabaho ay lumampas sa Disyembre 31, 2022, ang aplikasyon ay dapat na isumite nang hindi lalampas sa Enero 3, 2023, kung hindi, ay mawawalan ng kwalipikasyon sa pagkuha ng tulong.

**Tanong 2: Anong mga dokumento ang dapat ilakip para mag-aplay ng subsidiya sa suweldo?**

**Sagot:** Dapat na nakalakip sa aplikasyon ng subsidiya sa suweldo ang mga sumusunod na dokumento:

- (1) Form ng aplikasyon.
- (2) Isang kopya ng pabalat ng passbook ng institusyong pampinansyal sa loob ng bansa sa pangalan ng account ng tagapag-employo.
- (3) Isang kopya ng kontrata sa paggawa (ang buwanang suweldo ay dapat higit sa NT20,000).

**Tanong 3: Paano mag-aplay ang tagapag-employo para sa subsidiya sa suweldo?**

**Sagot:** Dapat ihanda ng tagapag-employo ang sertipiko ng natural na tao at isumite ang aplikasyon sa Ahensya ng pagpapaunlad ng online na pagpapadala sa pamamagitan ng “Sistema ng online aplikasyon sa kaso ng mga dayuhan” (website: <https://fwapply.wda.gov.tw>); o sa pamamagitan ng pagsulat matapos kumpletuhin ang form ng aplikasyon, ipadala kasama ang iba pang kinakailangang dokumento sa pamamagitan ng koreo o ihatid ang aplikasyon sa sentro ng mga kaugnayan ng Ahensya sa pagpapaunlad ng lakas-paggawa, Ministri ng paggawa (Address: 10th Floor, No. 39, Section 1, Zhonghua Road, Zhongzheng District, Taipei City).

**Tanong 4: Ang mga tagapag-employo na mahina sa ekonomiya na nag-aaplay para sa subsidiya sa suweldo, bukod pa sa pagsusumite ng application form, personal na bankbook at kontrata sa paggawa, kailangan bang magpakita ng patunay ng pagiging kwalipikado sa kapakanang panlipunan?**

**Sagot:** Sa prinsipyo, ang Ahensya ng pagpapaunlad ay gagawa ng inisyatiba upang makipag-ugnayan sa mga kaugnay na ahensya upang suriin kung ang tagapag-employo ay kwalipikado para sa kapakanang panlipunan, hindi kailangang magsumite ang mga tagapag-employo sa aplikasyon; kung walang nakitang nauugnay na impormasyon, at saka lang magpapadala ng isa pang sulat upang hilingin sa mga tagapag-employo.

**Tanong 5: Maaari bang ipagkatiwala sa isang pribadong ahensya ng serbisyo sa pagtatrabaho para mag-aplay ng subsidiya sa suweldo?**

**Sagot:** Maaaring piliin ng mga tagapag-employo na mag-aplay ng subsidiya sa suweldo sa kanilang sarili, o ipagkatiwala ang pribadong ahensya ng serbisyo sa pagtatrabaho na gawin ito, ngunit dapat siguraduhing punan ang application form at ilakip ang mga kinakailangang dokumento upang mapadali ang pagsusuri ng Ahensya ng pagpapaunlad at pagbibigay ng subsidiya.

**Tanong 6: Ang mga tagapag-employo na mahina sa ekonomiya ay kwalipikado sa exemption sa pagbabayad ng seguridad sa trabaho, kailangan pa bang mag-aplay ng subsidiya sa suweldo?**

**Sagot:** Tama, kailangan pang magsumite ang mga tagapag-employo na mahina sa ekonomiya ang aplikasyon kasama ang mga kinakailangang dokumento, dahil kailangan pa ring suriin ng Ahensya ng pagpapaunlad kung ang buwanang suweldo na napagkasunduan sa pagitan ng tagapag-employo at ng nagtatrabaho na dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay ay higit sa NT20,000. Gayunpaman, isang beses lang kailangang magsumite ng aplikasyon ang mga

tagapag-empleyo, susuriin at kukumpirmahin ng Ahensya ng pagpapaunlad ang pagiging kwalipikado sa panahon ng pagtatrabaho, at awtomatikong ibibigay ang subsidiya sa suweldo bawat tatluhang-buwan.

**Tanong 7: Pagkatapos mag-expire ang permiso sa pagtatrabaho ng dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay na kinuha ng tagapag-empleyo, at nagpatuloy ito sa trabaho, kailangan bang mag-aplay ulit ng subsidiya sa suweldo?**

**Sagot:** Kailangan. Dahil ang mga tagapag-empleyo na kwalipikadong mag-aplay ng subsidiya sa suweldo, matapos maaprubahan ang aplikasyon at matugunan ang mga kinakailangan, ang Ahensya ng pagpapaunlad ay awtomatikong mag-iisyu ng subsidiya sa suweldo bawat tatluhang-buwan. Gayunpaman, kung ang permiso sa pagtatrabaho ng dating dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay ay mag-expire, tulad din ng pagpapawalang-bisa ng dating permiso sa pagtatrabaho, ang Ahensya ng pagpapaunlad ay awtomatikong hihinto sa pagbibigay ng mga subsidiya. Kung ang parehong tumatanggap ng pangangalaga ay inaalagaan ng dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay na kinuha muli ng tagapag-empleyo (pagpatuloy sa pagtatrabaho, nagpatuloy ng trabaho sa pagtatapos ng termino, lumipat sa pagtatapos ng pagtatrabaho), at kwalipikado para sa subsidiya sa suweldo, ang tagapag-empleyo ay kailangang muling mag-aplay ng subsidiya sa suweldo sa Ahensya ng pagpapaunlad.

### **3. Ang panahon ng subsidiya at pagkalkula ng quota**

**Tanong 1: Gaano katagal ang panahon ng subsidiya sa suweldo? Ano ang pinakamataas na limitasyon na halaga?**

**Sagot:**

- (1) Ang parehong taong tumatanggap ng pangangalaga na inaalagaan ng pareho o magkaibang dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay na kinuha ng

tagapag-empleyo ay kwalipikado para sa subsidiya at ito ay nag-aplay ng subsidiya, ang subsidiya ay ibibigay ayon sa pagkakasunod-sunod ng panahon ng permiso sa pagtatrabaho at ang batayan ng naunang talata, ang pinagsama-samang panahon ng subsidiya at ang pinakamataas na kabuuang halaga ay ang mga sumusunod:

1. Ang mga kwalipikado para sa kapakanang panlipunan: Ang panahon ng subsidiya ay limitado sa 3 taon, at ang kabuuang halaga ng naipon na subsidiya ay limitado sa NT108,000.
  2. Ang mga hindi kwalipikado para sa kapakanang panlipunan: Ang panahon ng subsidiya ay limitado sa 4 na buwan, at ang kabuuang halaga ng naipon na subsidiya ay limitado sa NT6,000.
- (2) Kung ang taong inaalagaan ay karapat-dapat na kumuha ng isang karagdagang dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay, at ang tagapag-empleyo ay kumuha ng 2 dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay sa parehong panahon, ang kabuuang halaga ng subsidiya ay kalkulahin nang hiwalay.

**Tanong 2: Ano ang buwanang halaga ng subsidiya sa suweldo?**

**Sagot:**

- (1) Mga tagapag-empleyo na mahina sa ekonomiya: Ang parehong taong tumatanggap ng pangangalaga, ang buwanang limitasyon ay NT3,000. Gayunpaman, kung ang bilang ng mga araw sa buwan ng permiso sa pagtatrabaho ay mas mababa sa 1 buwan, NT100 bawat araw.
- (2) Pangkalahatang tagapag-empleyo: Ang parehong taong tumatanggap ng pangangalaga, ang buwanang limitasyon ay NT1,500. Gayunpaman, kung ang bilang ng mga araw sa buwan ng permiso sa pagtatrabaho ay mas mababa sa 1 buwan, NT50 bawat araw.

**Tanong 3: Ang tagapag-empleyo na kumukuha ng 2 magkaibang dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay upang pangalagaan ang 2**

**magkaibang tumatanggap ng pangangalaga, paano kalkulahin ang subsidiya sa suweldo na pwedeng makuha?**

**Sagot:** Dahil ang subsidiya sa suweldo ay kontrolado ng quota ng subsidiya sa parehong taong tumatanggap ng pangangalaga, dapat mag-aplay ang tagapag-empleyo ng subsidiya sa suweldo para sa 2 magkaibang tumatanggap ng pangangalaga, ang panahon at halaga ng subsidiya ay kinakalkula nang hiwalay ayon sa pagiging kwalipikado sa kapakanang panlipunan.

**Tanong 4: Ang tagapag-empleyo ay kumuha ng dalawang magkaibang dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay upang pangalagaan ang parehong taong tumatanggap ng pangangalaga sa parehong oras, maaari bang mag-aplay ng subsidiya sa suweldo? Paano magkalkula?**

**Sagot:**

- (1) Kung kumuha ang tagapag-empleyo ng 2 dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay para alagaan ang iisang tao, dahil ang suweldo ng 2 dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay ay aktwal na binabayaran sa parehong oras, ang halaga ng subsidiya ay maaaring kalkulahin nang hiwalay, gayunpaman, sa panahon lamang kung kailan nagtatrabaho ang 2 dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay upang pangalagaan ang parehong taong tumatanggap ng pangangalaga, bago magsimula ang subsidiya sa suweldo para sa pangalawang dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay.
- (2) Halimbawa, ang tumatanggap ng pangangalaga na si X ay inaalaan ng 2 dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay A at B na tinanggap ng tagapag-empleyo, kinuha ng tagapag-empleyo si A para pangalagaan ang tatanggap ng pangangalaga X, ang panahon ng pagtatrabaho ay mula Oktubre 1, 2022 hanggang Oktubre 1, 2025; at kinuha rin si B para pangalagaan ang tatanggap ng pangangalaga X, at ang panahon ng pagtatrabaho ay mula Abril 1, 2023 hanggang Abril 1, 2026. Kaya, sa panahon ng bisa ng pagtatrabaho (i.e., Abril 1, 2023 hanggang Oktubre 1, 2025) ng sabay na pagkuha ng tagapag-empleyo kay A at B



upang pangalagaan ang tatanggap ng pangangalaga X, ang tagapag-empleyo ay maaaring mag-aplay ng subsidiya sa suweldo nang hiwalay.

**Tanong 5: May pagbabago sa pagiging karapat-dapat sa kapakanang panlipunan ang tagapag-empleyo o ang tumatanggap ng pangangalaga sa panahon ng pagtatrabaho ng dayuhan, paano kalkulahan ang panahon at halagang makukuha ng subsidiya sa suweldo?**

**Sagot:**

- (1) Dahil ang subsidiya sa suweldo ay nakabatay sa kung ang tagapag-empleyo o ang tumatanggap ng pangangalaga ay karapat-dapat para sa kapakanang panlipunan, at ang pinagsama-samang pagkalkula ng quota ng subsidiya ng parehong taong tumatanggap ng pangangalaga, ang inaprubahang panahon ng subsidiya at ang limitasyon ng halaga, at ang pagdaragdag o pagkawala ng kwalipikasyon sa kapakanang panlipunan ay makakaapekto sa panahon ng subsidiya at ang limitasyon ng halaga.
- (2) Halimbawa, kumuha ang tagapag-empleyo ng dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay para pangalagaan si X, ang panahon ng pagtatrabaho ay mula Setyembre 1, 2022 hanggang Setyembre 1, 2025, at nag-aplay ng subsidiya sa suweldo sa loob ng itinakdang panahon, matapos ang pagsisiyasat ay nalaman na sa panahon ng pagtatrabaho ang tagapag-empleyo o ang tumatanggap ng pangangalaga ay hindi naging kwalipikado para sa kapakanang panlipunan noong Nobyembre 2022, at naging kwalipikado para sa kapakanang panlipunan mula noong Disyembre 2022, ang paraan ng pagkalkula ay ang mga sumusunod:
  1. Sa panahong hindi kwalipikado sa kapakanang panlipunan, NT4,500 ang ibibigay (ang panahon ng subsidiya ay mula Setyembre 1, 2022 hanggang Nobyembre 30, 2022, sa kabuuan ay 3 buwan, NT1,500 bawat buwan).
  2. Sa panahon ng pagiging karapat-dapat sa kapakanang panlipunan, simula sa buwan ng pagiging karapat-dapat sa kapakanang panlipunan (Disyembre 2022), batay sa aktwal na panahon ng pagtatrabaho at batayan ng pagiging

karapat-dapat sa kapakanang panlipunan, ito ay kakalkulahin sa NT3,000 bawat buwan, at NT108,000 ang pinakamataas na limitasyon.

**Tanong 6: Pagkatapos magsumite ang tagapag-empleyo ng aplikasyon para sa subsidiya sa suweldo, kailan idedeposito ang tulong na salapi?**

**Sagot:** Pagkatapos kalkulahin ng Ahensya ng pagpapaunlad ang halaga ng subsidiya sa suweldo na dapat bayaran sa mga tagapag-empleyo sa bawat quarter, ang halaga ng subsidiya sa suweldo ng kasalukuyang quarter ay regular na babayaran sa ika-5 araw ng ikatlong buwan ng bawat quarter mula sa ikalawang quarter ng petsa ng aplikasyon; kung ang araw ay tumama sa isang holiday, ang pagbabayad ay ipagpaliban sa susunod na araw ng negosyo ng domestic na institusyong pinansyal. Ito ay, ang subsidiya para sa nakaraang quarter ay ibinibigay sa Marso, Hunyo, Setyembre at Disyembre 5 bawat taon, kung tumama ito sa holiday, ang pagbabayad ay ipagpaliban sa susunod na araw ng negosyo ng domestic na institusyong pinansyal. Kasama sa inisyal na pagbabayad ang halaga ng subsidiya sa suweldo mula sa petsa ng pagiging kwalipikado para sa subsidiya sa suweldo hanggang sa huling araw ng quarter kung kailan ipinasok ang aplikasyon. Halimbawa, ang isang tagapag-empleyo na mahina sa ekonomiya ay kumuha ng mga dayuhang manggagawa ng pangangalaga sa bahay mula Agosto 15, 2022 na may napagkasunduang suweldo na higit sa NT20,000, at nag-aplay ng subsidiya sa suweldo noong Nobyembre 15, 2022, sa mga naaprubahan sa pagsusuri, ang gastos sa subsidiya sa suweldo mula Agosto 15, 2022 hanggang Setyembre 30, 2022, at Oktubre 1, 2022 hanggang Disyembre 31, 2022 ay babayaran sa Marso 6, 2023 (Lunes).

**4. Ang mga iba**

**Tanong 1: Ang tagapag-empleyo ay nag-aplay ng subsidiya sa suweldo, ngunit ang Ministri ay hindi sumasang-ayon sa subsidiya, ano ang dahilan?**

**Sagot:** Kung ang tagapag-empleyo ay mayroong 1. Pagbibigay ng mali, peke o di-

wastong impormasyon 2. Umiiwas, humahadlang o tumangging magpasuri 3. Ang mga dokumento ng aplikasyon ay hindi kumpleto, matapos hiniling na ikumpleto sa limitadong panahon, at hindi nagawa sa takdang panahon 4. Hindi nag-aplay ng tulong sa loob ng itinakdang panahon 5. Iba pang mga regulasyon na lumalabag sa mga pangunahing punto ng subsidiya sa suweldo, ang Ahensya ng pagpapaunlad ay hindi sasang-ayon na ibigay ang subsidiya.

**Tanong 2: Pagkatapos payagan ang tagapag -empleyo ng subsidiya sa suweldo na inaplayan, ang kwalipikasyon sa kapakanang panlipunan ng tagapag-empleyo o ng taong tumatanggap ng pangangalaga ay nakansela sa panahon ng subsidiya, maaari pa rin ba makakuha ng subsidiya?**

**Sagot:** Regular na susuriin ng Ahensya ng pagpapaunlad kung ang tagapag-empleyo o ang tumatanggap ng pangangalaga ay karapat-dapat pa rin para sa kapakanang panlipunan, kung ito ay nakansela, ang Ahensya ng pagpapaunlad ay hihinto sa pagbibigay ng subsidiya sa suweldo ng tagapag-empleyo at aabisuhan ang tagapag-empleyo.

### **III. Pagkonsulta sa impormasyon o katanungan**

**Tanong:** Kung may mga katanungan ang mga tagapag-empleyo o migranteng manggagawa tungkol sa pagsasaayos ng suweldo o subsidiya, paano makikipag-ugnayan? Paano ipaalam sa mga migranteng manggagawa sa Taiwan ang tungkol sa impormasyon ng pagtaas ng buwanang suweldo ng mga migranteng manggagawa ng pamilya.

**Sagot:** Kung may mga katanungan ang mga tagapag-empleyo o migranteng manggagawa tungkol sa pagsasaayos ng suweldo o subsidiya, maaaring makipag-ugnayan sa Ahensya sa pagpapaunlad ng lakas ng trabaho ng Ministri ng paggawa, Tel: (02) 8995-6000, tumawag sa hotline ng reklamo 1955 o pumunta sa website ng mga karapatang transnasyonal sa paggawa

(<https://fw.wda.gov.tw/>), mga programa sa radyo sa wikang Tsino at banyaga na ginawa at ini-broadcast ng Ministri, o sumali sa E-LINE@移點通, upang patuloy na ipahayag ang kaugnay na impormasyon at malaman ito ng mga migranteng manggagawa sa Taiwan.

勞動部勞動力發展署  
LABOR FORCE DEVELOPMENT AGENCY, MINISTRY OF LABOR

1955 移工專線

E-LINE 移點通

LINE

中文版 LINE ID :  
@1955mw\_tw  
<https://lin.ee/9ogCQ3T>

英文版 English LINE ID :  
@1955mw\_ph  
<https://lin.ee/jap3WmC>

印尼版 Indonesia LINE ID :  
@1955mw\_id  
<https://lin.ee/CP0IzIK>

越南版 Tiếng Việt LINE ID :  
@1955mw\_vn  
<https://lin.ee/GOrGIZI>

泰國版 ภาษาไทย LINE ID :  
@1955mw\_th  
<https://lin.ee/c0fW2nc>

廣告